Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy ng Kaantasan ng Pang-uri

Isulat sa patlang ang titik **L** kung ang pang-uring may salungguhit ay nasa **lantay** na antas, **PH** kung ito ay nasa **pahambing** na antas, at **PS** kung ito ay nasa **pasukdol** na antas.

_____ 1. Napakaganda ng mga palamuti sa mga bahay tuwing Pista ng Pahiyas!

_____ 2. Magandang asal ang paggamit ng "po" at "opo" sa pakikipag-usap sa mga nakatatanda sa iyo.

_____ 3. Ang buhok ni Katrina as mas mahaba sa buhok ni Sarah.

_____ 4. Di-gaanong mabigat ang dalang bag ni Joshua.

_____ 5. Ang galing-galing ng mga mananayaw na napanood namin!

_____ 6. Huwag kayong pumunta sa lugar na mapanganib.

_____ 7. Ubod ng hirap ang trabaho ng isang manggagawa sa pabrikang ito.

_____ 8. Magsintanda ang lolo ni Jose at lolo ni Pedro.

_____ 9. Ang pamayanan sa tabing-dagat ay payapa.

_____ 10. Si Jason ang pinakamatangkad na anak ni Ginang Rosario.

_____ 11. Ibigay mo ang makapal na aklat kay Ginoong Reyes.

_____ 12. Ang dalawang sanggol ay magkatimbang.

_____ 13. Kay bait-bait ng mga kasambahay ni Ginang Raymundo!

_____ 14. Si Juan ay singkupad ng pagong.

_____ 15. Bukod-tangi ang talento ni Juan Luna.

© 2013 Pia Noche